

DOST-FNRI, McDonald's, Adarna House inilunsad ang nutrition book para sa mga kabataan

Ni Joy M. Lazcano
S&T Media Service, DOST-STII

Inilunsad kamakailan ng Food and Nutrition Institute ng Department of Science and Technology (DOST-FNRI), Ronald McDonald House Charities (RMHC), at ng Adarna House, Inc. ang aklat tungkol sa pangkalusugan na pinamagatang "Go!" kamakailan sa Lungsod ng Makati.

Ang nasabing aklat ay ang ika-34 sa Bright Minds Read (BMR) kit ng RMHC. Ang programang BMR ay ang kontribusyon ng RMHC upang itaguyod ang isa pang programang "Every-child-a-Reader".

Itinuturo ng aklat sa mga kabataan ang importansya ng wastong nutrisyon na nakatuon sa tamang kaugalian sa pagkain. Kabilang dito ang wastong dami ng pagkain, at pagkain sa tamang oras. Habang ang mga kabataan ay unti-unting natututo sa pagbabasa, paglikha, at critical thinking, kanila namang natututunan sa



mcdonalds.com.ph

aklat ang maraming mabubuting pagkain na pinanggagalingan ng enerhiya gaya ng patatas. Matututunan din nila ang kahalagahan ng pagiging aktibo sa pamamagitan ng sports.

Ang "Go!" ay ang kauna-unahang pakikipagkolaborasyon ng DOST sa RMHC. Pinasinayaan nina G. Bing Bachoco, Chief Finance Officer ng McDonald's-Philippines, Mr. George Yang, Chairman Emeritus ng McDonald's-Philippines, at Bb. Marie Angeles, Executive Director ng RMHC.

Ayon kay Bachoco, tinataguyod ng McDonald's sa pamamagitan ng RMHC sa ilalim ng BMR Project ang pagbibigay kaalaman sa mga kabataan. Maraming pampublikong paaralan ang ngayon ay nakikinabang mula sa nasabing proyekto at ang pamunuan ng McDonald's ay handang magbigay ng mga karagdagan tulong sa mas

maraming kabataan sa iba't ibang lugar ng bansa.

Ipinahayag naman ni Dr. Mario Capanzana, Director ng DOST-FNRI, na mahalaga ang papel ng proyekto hindi lamang sa pagbibigay kaalaman, bagkus, ito ay makatutulong sa pamahalaan upang mabigyan ng karampatang hakbang ang malnutrisyon sa bansa.

Samantala, ipinahayag naman ni Bb. Lyn Almario, Pangulo ng Adarna House, na sila ay nagagalak sa pagkakaroon ng aklat na kung saan ito ay pangalawa na sa serye ng mga nutrition big book.

Umaasa ang pamunuan ng aklat na "Go!" na ang mga kabataan ay matututo ng wastong nutrisyon at pagkahilig sa pagbabasa. Ang nasabing aklat ay maaaring mabili sa iba't ibang bookstore sa buong bansa. (Inpormasyon mula kay Chamica A. Javier, S&T Media Center Service, DOST-FNRI)

Mga Nilalaman

Disaster imagination: susi sa pagiging handa p2

Genomics research hub, itatayo sa UP-Diliman p3

"Library in a Box" handog ng DOST sa mga mag-aaral ng Marikina p4

Larawan News..... p4

Ayon sa DOST, tag-araw ang pinakamagandang pahahon upang labanan ang dengue

Ni Maria Theresa A. Ronato
S&T Media Service, DOST-STII

Ayon sa Department of Science and Technology, ang tag-araw o "summer" ang pinakamainam na panahon upang maglinis ng mga lugar na pinamamahayan ng mga lamok na *Aedes aegypti* na sanhi ng pagkalat ng dengue virus.

Ito ay inihayag ni Dr. Frances Edillo ng University of San Carlos kamakailan sa pagdiriwang ng ika-32 taon ng Philippine Council for Health Research and Development (DOST-PCHRD).

Disaster imagination: susi sa pagiging handa

Ni Graciela R. Sales
S&T Media Service, DOST-STII

Imahinasyon, yan ang susi sa pagharap ng sambayanan sa mga kalamidad na nangyayari sa loob at labas ng bansa, ito ay ayon kay Renato U. Solidum, director ng Philippine Institute of Volcanology and Seismology ng Department of Science and Technology (DOST-PHIVOLCS).

“Ang mga posibleng panganib sa hinaharap at ang epekto nito sa lokalidad at sa kabuuang rehiyon ay dapat na pag-isipan at palawakin ang ating imahinasyon upang makagawa at maipatupad ang mga nararapat na solusyon,” paliwanag ni Dir. Solidum sa kanyang presentasyon sa harap ng mga lokal na opisyal at disaster risk reduction manager ng Region IV-A at B, at Iloilo sa ginanap na magkahiwalay na seminar-workshop na pinamagatang “Iba na ang Panahon: Science for Safer Communities. Aniya, “malaki ang gagampanang papel ng bawat isa upang mabuhay at hindi masaknan sa panahon ng malaking kalamidad.”

Ang seminar-workshop ay bahagi ng patuloy na Information and Education Campaign drive ng DOST na naglalayong magbigay ng dagdag na kaalaman sa mga kalamidad at ang mga makabagong kagamitang makatutulong sa disaster mitigation.

Aniya, ang disaster imagination ay sinisimulan sa pamamagitan ng pag-alam sa mga posibleng panganib ng isang lugar. Ito ay sinusundan ng mga assessment ng mga sakuna sa pamamagitan ng pag-alam sa laki ng epekto at mga posibleng lugar na maaapektuhan.

At para matulungan ang LGU sa kanilang mga hakbang tungo sa disaster imagination ay muling ipinakilala ni Dir. Solidum ang paggamit ng Rapid Earthquake Damage Assessment System o REDAS, isang earthquake simulation software na gawa ng PHIVOLCS.

Ito ay ang nag-iisang semi-geographic information system software na nagsisimulate ng mga hazard.

“It can be a database to put in the location of your house and statistics of the houses, it can estimate the number of buildings and casualties per municipality. The concept is risk assessment. With these data, you’ll know what to do, what steps to take,” paglilina ni Solidum.

Posibleng scenario sa CALABARZON

Mayroong ilang fault line sa bansa ang nakaapekto partikular sa CALABARZON.

Ayon sa presentasyon ni Dir. Solidum, kung ang Infanta fault sa Quezon ay gumalaw, intensity 7-8 na lindol ang magaganap na



nagiging sanhi ng pagkalusaw at pagguho ng lupa sa ilang mga lugar habang intensity 7.8 naman na lindol ang mararanasan ng mga taga-Quezon kung ang bahagi ng Ragay naman sa Bohol ang gumalaw sa magnitude na 7.3.

Sakali namang gumalaw ang fault line sa Mindoro, ang mga taga-Batangas ay maaapektuhan din ng pagyanig na may parehong intensity. Ganyan din ang mangyayari sa Cavite at Batangas kung ang Manila trench ay gumalaw.

Samantala, kung ang West Valley fault ay gumalaw, ito rin ay magsasandhi ng intensity 8 na pag galaw ng lupa sa Cavite, Laguna, Rizal at posibleng masali ang Batangas.

Subalit, kung ang mga lindol ay maganap malayo sa Manila trench, maaari itong makabuo ng tsunami na pwedeng umabot sa loob ng Manila Bay, Batangas Bay patungo sa loob na bahagi ng Marinduque at kahit sa Western Quezon.

Dagdag pa ng pinuno ng DOST-PHIVOLCS na kapag ang bulkang Taal ay muling bumuga na sinlakas ng kanyang pagsabog noong taong 1754 na kung saan ito ay nagtagal mula Mayo hanggang Disyembre ng nasabing taon, malawak na lugar ang maaapektuhan ng ashfall na nagbabadya ng panganib sa kalusugan ng mga tao.

“Naaangkop na paghahanda at mga tamang tugon na naaayon sa sitwasyon ang nararapat isipin bago pa man ito mangyari. Kaya ang disaster imagination ay mahalaga,” pagdidiin ni Dir. Solidum. “Binibigyan namin kayo ng mga sitwasyon upang inyong mapaghandaan bilang isang rehiyon hindi lamang ang mga apektadong residente ang maghahanda, kundi pati na rin ang mga taong maaaring makatulong sa kanila.” (Impormasyon mula kay *Framelia V. Anonas*, S&T Media Service, DOST-STII)

Ayon sa ...
Mula sa pahina 1

Ang pahayag na ito ay nagmula sa pag-aaral na isinagawa ng DOST-PCHRD sa Lungsod ng Cebu na nagpapatunay sa Transovarial Transmission ng dengue virus sa naturang lugar. Ang Transovarial Transmission ay ang pagsalin ng virus mula sa “mother mosquito” patungo sa anak nito.

Habang ang tinatawag na Horizontal Transmission naman ay ang pagsalin ng virus mula sa lamok papunta sa tao o kabaliktaran nito.

Subalit, ang pag-aaral ay limitado lamang sa *Aedes aegypti*, ang karaniwang tagapagdala o vector carrier ng virus sa bansa.

Ayon sa pag-aaral, ang grupo ng mga mananaliksik ay kumuha ng larvae at pupae mula sa mga kabahayan at katabing lugar mula sa apat na randomly selected na lugar kada buwan mula Nobyembre 2011 hanggang Hulyo 2012.

Gamit ang Polymerase Chain Reaction (PCR), ang teknik sa paggawa ng maraming kopya ng gene mula sa sample DNA, ang mga mananaliksik ay nakakuha ng tatlo sa apat na uri ng dengue sa mga naipong sample bilang batayan. Ang mga batayang ito ay ang DENV-1, DENV-3, at DENV-4.

Inihayag din ng mga pag-aaral na ang buwan ng Abril ang mayroong pinakamataas na minimum infection rate sa mga sample ng lamok.

Ipinaliwanag pa ni Dr. Edillo na kapag ang larvae at pupae ay naging lamok sa tag-ulan, ang mga ito ay magiging sanhi ng epidimya sa mga tao sa pamamagitan ng horizontal transmission.

Samantala, nabanggit din niya na ang Lungsod ng Cebu ay nagpakita ng pattern na kung saan isang dry season na may mababang bilang ng mga kaso ng dengue ay sinusundan ng isang tag-ulan na may isang mataas na bilang ng mga kaso ng dengue. (Impormasyon mula kay *Maria Luisa S. Lumioan*, S&T Media Service, DOST-STII)



Genomics research hub itatayo sa UP Diliman



Ni Maria Theresa A. Ronato
S&T Media Service, DOST-STII

Isang hudyat ng malaking pagsulong sa genomics research ang nangyaring groundbreaking ceremony para sa bagong Philippine Genome Center building noong ika-10 ng Abril.

Dahil dito, inaasahang makapagdudulot ng pag-unlad sa bansa ang makabagong teknolohiyang ito.

Itinayo noong 2009, ang PGC ay isang proyekto sa pagitan ng University of the Philippines (UP) at Department of Science and Technology (DOST) na naglalayong gamitin ang genomics- ang pag-aaral ng kumpletong pangkat ng DNA ng organismo- upang mapagbuti ang mga pananim, mapangalagaan ang biodiversity, mapagbuti ang disease diagnostics, forensics, at iba pa.

Ayon kay Dr. Carmencita Padilla, executive director ng PGC, ang araw na ito ay sadyang makabuluhang simula para sa kanya at sa lahat ng tao na nasa likod ng PGC. Isinalaysay niya na noong 2009, ang PGC ay mayroon lamang apat na tauhan. "Now we have more than 60 research assistants and 20 project leaders", aniya.

Ang konstruksyon ng gusali ng PGC ay inaasahang makukumpleto sa loob ng isang taon. Ang PGC ay kasalukuyang matatagpuan sa National Institute of Molecular Biology and Biotechnology (NIMBB) sa National Science Complex sa UP Diliman.

Kinilala ni Dr. Padilla ang suporta ng DOST sa PGC sa mga nagdaang taon. "(DOST) believed that genomics can make a difference in the lives of people," sabi niya.

Samantala, inihayag ni DOST Undersecretary Fortunato T. De La Peña na ang PGC ay bahagi ng hangarin ng DOST na maging world class at makipagsabayan sa mga institusyon sa ibayong dagat.

Malugod namang inihayag ni UP President Alfredo E. Pascual, na ang karagdagan ng PGC ay nagpapatunay na ang UP ay isang research-intensive na institusyon.

"It will add to the skyline of the National Science Complex (ito ay dadagdag sa skyline ng National Science Complex)," pagdidiin ni President Pascual.

Ang bagong tahanan ng PGC ay matatagpuan sa A. Ma. Regidor St. katapat ng Philippine Atmospheric, Geophysical and Astronomical Services Administration Observatory at sa likod ng bagong itinatatayong NIMBB sa National Science Complex sa UP-Diliman campus.

Samantala, ilalagak ang tatlong pangunahing mga kagamitan sa vbagong gusali ng PGC kabilang ang DNA Sequencing Core Facility (DSCF), Core Facility for Bioinformatics (CFB), at Biobank Facility (BF) pati na rin ang mga tanggapan at research laboratory ng limang research program ng

PGC sa larangan ng Agriculture/Livestock/ Fisheries; Biodiversity for Drug Discovery at Bio-energy; Ethics, Legal and Social Issues; Forensics at Ethnicity; at ang Health Program. (Impormasyon mula kay Maria Luisa S. Lumioan)

ARISTOTLE P. CARANDANG, PhD

Editor-in-Chief

JOY M. LAZCANO

Copy Editor

JAMES B. INTIA

Layout

JUDITH L. SABLAN

Proofreader

Ang Balitang Rapidost ay buwanang lathalain ng Institusyon ng Impormasyon sa Agham at Teknolohiya (STII) para sa Kagawaran ng Agham at Teknolohiya (DOST).

Para sa inyong mga tanong at suhestiyon, maari po kayong mag email sa balitangrapidost@gmail.com o tumawag sa DOST trunkline (02)837-2071 loc. 2148

“Library in a Box” handog ng DOST sa mga mag-aaral ng Marikina

Ni Graciela R. Sales
S&T Media Service, DOST-STII

Mas mapadadali at kawili-wili ang pananaliksik ng mga mag-aaral ng Malanday National High School (MNHS) sa Marikina City dahil sa Science & Technology Academic and Research-Based Openly Operated Kiosk Station o STARBOOKS Digital Library.

Tinawag na “Library in a Box”, ang STARBOOKS ay mas madaling pagkunan ng impormasyon ukol sa Agham at Teknolohiya kahit na walang koneksyon ng internet.

Ang STARBOOKS ay konsepto ng mga eksperto mula sa Science and Technology Information Institute (DOST-STII) na naglalaman ng mga libu-libong information material gaya ng mga audio-video na nagtatampok ng mga paksa sa food and nutrition, health and medicine, emerging technology, enerhiya, kapaligiran, teknolohiyang pangkabuhayan, at mga investigatory project at theses sa iba’t ibang larangan.

Pinangunahan ni Department of Science and Technology-National Capitol Region Director Teresita Fortuna ang paglagda sa memorandum of understanding kasama sina Gng. Salvacion M. Fernando, kinatawan ng MNHS at Marcelino “Mary” Teodoro, ng 1st District ng Marikina City at instrumental sa pagkakaroon ng STARBOOKS sa MNHS.

Samantala, hinikayat ni Dir. Fortuna ang mga mag-aaral na gamitin ang STARBOOKS para sa kanilang pananaliksik. Paalala pa niya na imomonitor ng Kagawaran ang kiosk kung



Pinangunahan ni DOST-NCR Director Teresita Fortuna (gitna) ang paglagda ng MOU para sa STARBOOKS. Kasama sa nasabing pagtitipon ang kinatawan ng 1st District ng Marikina City na si Marcy Teodoro (kaliwa) at Gng. Salvacion M. Fernando ng Malanday National High School. (S&T Media Service)

ito ay tunay na nagagamit ng mga mag-aaral.

“Napaka-swerte namin dahil kami ay nakatanggap nitong STARBOOKS. Magagamit po talaga ng mga bata,” wika ni Gng. Lagrimas M. Fernando, Punong-guro ng MNHS. Dagdag pa niya na umaasa sila na madadagdagan pa ang kiosk sa panghinaharap upang mas maraming mag-aaral ang makagamit nito.

Sa kabilang dako naman ay inihayag ni Victor P. Rebosada, isang guro at librarian ng nasabing paaralan na “ang (STARBOOKS) ay talagang malaki ang maitutulong nito sa

pagbibigay kaalaman sa aming mga mag-aaral. Inaasahan naming na sa pamamagitan nito, kami ay makakapag focus sa mga science subjects.”

Ang mga lokal na pamahalaan, Non-Government Organization, akademiya at mga pribadong korporasyon ay maaaring mag-sponsor ng isang STARBOOKS sa kanilang kinasasakupang komunidad. Para sa karagdagang impormasyon, maglog on sa www.stii.dost.gov.ph o mag email sa starbooks@stii.dost.gov.ph.

LarawaNEWS



Media emergency preparedness manual. Pormal na ibinahagi ni DOST-PHIVOLCS Director Renato U. Solidum (kanan) ang isang kopya ng “The Broadcaster’s InfoChart on Emergency Preparedness,” sa isa sa mga mamamahayag na naroroon sa press conference para sa Central Visayas leg ng DOST nationwide information campaign para sa disaster risk reduction and mitigation na tinawag na “Iba na ang Panahon: Science for Safer Communities” na ginanap kamakailan lamang sa Crown Regency Residence, Cebu City. Kasama rin sa larawan si DOST Asst. Secretary Raymund E. Liboro (kaliwa) at Officer-In-Charge ng Science and Technology Information Institute, ang information arm ng DOST. Ang InfoChart ay magsisilbing reference manual ng mga mamamahayag kapag nag-uulat o naghahatid ng mga ulat-panahon. Ito ay naglalaman ng mga pangunahing impormasyon partikular sa bagyo, inter-tropical convergence zone, baha, lindol, tsunami, pagputok ng bulkan, pagguho ng lupa, maging ang mga dapat gawin bago pa man dumating ang kalamidad, habang ito ay nagaganap, at pagkatapos. Ang lahat ng mga mamamahayag ay makatatanggap ng nasabing InfoChart. (Isinulat ni Angelica A. de Leon / larawan ni Henry A. de Leon, S&T Media Service, DOST-STII)